

ANG SISTEMA NG PAARALANG ITALYANO

Sa video na ito ay ipinapaliwanag kung paano nakaayos ang paaralan ngayon simula sa pagkabata upang mabigyan ka ng kumpletong pagtingin sa kurso ng pag-aaral at mga pagbabagong naganap sa pandaigdigang paaralan ng Italya.

Paanong nakaayos ang paaralan sa Italya?

Ang sistema ay nakaayos sa mga yugto:

- Ang unang yugto ay tinukoy na Integrated System at tungkol sa **edad 0-6 taon**. Kasama rito **ang mga serbisyong pang-edukasyon para sa mga bata** (para sa mga batang maliliit **3-36 buwan**) at **kindergarten (3-6 na taon)**
- Pagkatapos ay mayroong **primary school**, karaniwang tinatawag na **elementarya (6-11 taon)** na tumatagal ng 5 taon, at ang **paaralang sekondarya ng unang grado**, na tinatawag ding **scuola media (11-14 taon)** na tumatagal ng 3 taon
- Sinundan ito ng ikalawang siklo ng edukasyon na nabuo ng **paaralang sekondarya ng ikalawang grado** na tinatawag ding scuola superiore (high school) na may kasamang mga **high school (licei)**, **mga teknikal na instituto at mga propesyonal na instituto** at maaaring tumagal mula 3 hanggang 5 taon (**mula 14 hanggang 19 na taon**).

Ang edukasyon sa Italya ay sapilitan mula 6 hanggang 16 taong gulang alinsunod sa batas 296 ng 2006.

Ang mga magulang o ang may karapatan magprotekta sa menor de edad ay responsable para sa pagtupad ng obligasyon sa edukasyon.

Paaralan at mga bagong teknolohiya

Ang isa sa mga pinakamahalagang pagbabago ay ang mga bagong teknolohiya na lalong naroroon sa ating buhay at gayun din sa konteksto ng paaralan. Habang sa nakaraan ang paaralan ay itinatag halos eksklusibo sa pakikinig at sa awtoridad ng libro at ng guro, ang paaralan ngayon ay itinatag sa **pakikipagtulungan**, sa **paghahambing** at sa **pagbuo ng isang kritikal na kahulugan**. Ngayon, sa katunayan, ang paggamit ng materyal na papel ay sinamahan ng mga **digital resources**, e-book, video at ang elektronikong rehistro ay ipinakilala din. Ang paggamit ng **elektronikong rehistro** ay nagpahintulot upang mai-digitize ang iba't ibang mga daanan, pinapasimple din ang komunikasyon paaralan pamilya. Pinapayagan ng elektronikong

rehistro ang mga magulang at mag-aaral na direktang makita kung ano ang nagawa sa panahon ng mga aralin, isang paraan din para makarecuperate ang nag-absent; nagpapahintulot na suriin ang mga hindi pumasok at dumalo at upang tingnan ang mga marka, na bumubuo ng isang napaka-kapaki-pakinabang na gamit para sa mga magulang; pinapayagan din na tingnan ang mga takdang aralin na nakatalaga nang hindi na nangangailangan ang mga ito upang markahan sa diaryo, binabawasan ang posibilidad ng pagkalito tungkol sa kung ano ang naitalaga at ang mga araw kung saan nakaiskedyul ang takdang-aralin.

Ang isa sa mga pinakamaliwanag na palatandaan ng teknolohiya sa paaralan ay ang **LIM**, isang akronim na nagpapahiwatig ng multimedia interactive whiteboard. Ang LIM ay katabi at sa ilang mga kaso ay pumalit sa mga lumang blackboard, pinapayagan na makita ang mga video, images at libro sa digital format at pagyamanin ang pagharap sa mga aralin ng iba't ibang mga stimuli. Pinapayagan din nito ang mga bata at kabataan na ipakita kung paano maaaring maging isang kagamitan ang teknolohiya hindi lamang para sa libangan ngunit mahalaga din kung matutunan kung paano ito gamitin.

Relasyon ng pamilya sa paaralan

Ang mga guro at magulang ay nagsasagawa sila sa kalagayan pang-edukasyon na magkakaiba subalit ganap para sa mga bata at kabataan. Nagtakda sila ng iba't ibang mga layunin at nakikilala sa pamamagitan ng mga patakaran, hangarin, aktibidad at pangangailangan. Tungkol ito sa dalawang mundo na sumusuporta sa paglaki ng mga bata o ng mga kabataan: **ang pamilya ang unang kontekstong pang-edukasyon ng bata, samantalang ang paaralan ang unang konteksto ng pakikisalamuha**. Ang ugnayan ng paaralan at pamilya ay mahalaga upang suportahan ang proseso ng pag-aaral ng mga mag-aaral at ang isang mabuting ugnayan sa paaralan at pamilya ay nagtataguyod ng kagalingan ng mga bata / kabataan. Kinakailangan na ang paaralan at pamilya ay magkaugnayan sa pamamagitan ng pagtatatag ng tinatawag na **alliance sa edukasyon**; ang ugnayan ng paaralan at pamilya ay hindi dapat, gayunpaman, umiiral lamang sa mga sandali ng posibleng pagiging kritikal ngunit dapat na patuloy at palagi upang mas mahusay na masuportahan ang mga bata at kabataan sa proseso ng pag-unlad at pag-aaral.

Bagaman ang mundo ng paaralan ay nagbago at patuloy pa rin sa pagbabago, ang misyon nito ay nananatili sa **paghahatid ng mga panuntunan, karapatan, karanasan, kultura, kaalaman sa nakaraan at paghahanda para sa hinaharap**.

Sa pamamagitan ng proyekto ng QuBí, ang ilang mga espasyo sa suporta sa pag-aaral ay aktibo para sa mga bata at kabataan at isang info point na pwedeng lapitan kung sakaling may pagdududa o paghihirap tungkol sa mundo ng paaralan.